# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 11*
# *Para Maging isang Alagad at hindi lamang Cristiano*

Ang Cristiano ay kawikaan na madalas nating ginagamit para sa mga tagasunod ni Cristo, ngunit ang salitang 'Cristiano ay sinambit lamang sa Kasulatan ng tatlong beses at gaya ng sumusunod:

***I "26 At nang siya'y kaniyang masumpungan ay kaniyang dinala siya sa Antioquia. At nangyari, na sa buong isang taon sila'y nakisama sa iglesia, at nagsipagturo sa maraming tao; at ang mga alagad ay pinasimulang tawaging mga Cristiano, sa Antioquia." (Mga Gawa 11:26)*** Ang mga alagad pagkatapos ng panahon ng isang taon ng pagtuturo, at pagkatapos ang kanilang buhay ay nabago at nabagong anyo at naging kakaiba sa ibang tao na nakapalibot sa kanila, sila'y tinawag na Cristiano ng Lipunan. Ang katagang Cristiano o mga Cristiano ay hindi ginamit ng mga alagad upang tawagin ang kanilang kasamahang mga alagad ngunit ginamit sa hindi mananampalataya upang itawag sa mga tagasunod ni Cristo. Sa panahong iyon ang katagang Cristiano o mga Cristiano ay ginamit ng simbahan upang tawagin ang mga naniniwala o kasangkot kay Cristo sa ibang paraan o sa iba; katulad ng sila ay pumupunta sa simbahan, o sa mga nanalangin bago kumain, o kaugnay sa pananampalataya at relihiyon. *Ngunit ang katotohanang ito kung ang mga tao ay hindi mga alagad ni Cristo sila'y hindi dapat tawagin na mga Cristiano. Sa Bagong Tipan ang manananpalataya ay hindi nila tinatawag ang kanilang sarili na mga Cristiano.* Ang kataga na madalas na ginagamit para sa mga taga sunod ni Cristo ay isang alagad o mga alagad - ito ay sinambit ng 264 na beses. *Ang ibig sabihin ng alagad ay mag-aaral, tagasunod, tagalinang, o manggagaya*. Sa ngayon, ang simbahan ni Cristo ay hindi ganap na mga disipolo kundi karamihan lamang ng walang disiplina o mga taong walang pagbabago sa buhay. *Kaya kailangan mong maing maingat at huwag gamitin ang salitang Cristiano, at huwag magtiwala bilang alagad ni Jesus na tinatawag ang kanilang sarili na mga Cristiano malibang mapatunayan mo ang kanilang pangako kay Cristo at sa Kanyang Salita at ng Kanyang kalooban.*

***II. "28 At sinabi ni Agripa kay Pablo, Sa kakaunting paghikayat ay ibig mo akong maging Cristiano." (Mga Gawa 26:28)*** Ang katagang Cristiano ay hindi matamis na salita o mabuting salita kundi isang pangungutya. Ang Cristiano ay pangalan na walang sinuman na gugustuhing makilala ng; ang pangalan na humantong sa paguusig at pangtanggi sa kinagisnang kultura. Si Pablo nang siya ay tumayo sa harapan ni Agripa ay nakakulong at nasa pagdurusa sa pagpapatotoo ng mensahe ng Diyos sa kanila, ***"29 At sinabi ni Pablo, Loobin nawa ng Dios, na sa kakaunti o sa marami man, ay hindi lamang ikaw, kundi pati ng lahat ng mga nagsisipakinig sa akin ngayon, ay pawang maging katulad ko naman, tangi lamang sa mga tanikalang ito." (Mga Gawa 26:29)*** Sa ngayon ang mga tumatawag sa kanilang sarili na mga Cristiano gusto nilang kumain ng pinakamainam na pagkain, makakuha ng pinakamabuting trabaho ng may pinakamahusay na sahod, Sila ang isa sa mga gumagamit ng higit sa mga restawrant, hotel, at para sa paglilibang ng oras. Sila'y makamundo at mas higit pa kaysa sa mga hindi naniniwala kay Cristo. Ayaw nilang magdusa at mamuhay at disiplina kaugnay sa mabuting tagapangasiwa para sa salapi, pagkain, oras, damit, trabaho, gawain, kung saan at paano mamuhay. *Kaya't ang katagang alagad ni Jesus ay mas mabuting gamitin sapagkat ang ibig sabihin ay kailangan mong patunayan sa kanila bago mo maari tawagin silang mga alagad ni Jesus at isaalang alang sila bilang mga kapatid.*

***III "16 Nguni't kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Dios sa pangalang ito." (1 Pedro 4:16)*** *Ang paraan ng paghihirap at paguusig ay karaniwang bagay na nararanasan ng mga alagd ni Jesus mula sa mga tao ng lipunan na nakapalibot sa kanya.* Kaya si Apostol Pedro ay nagpatuloy sa kanyang pahayag na ito ***"15 Nguni't huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:" (1 Pedro 4:15)*** *Sa gayon, sa pagiging alagad ni Jesus hindi mo dapat gawin ang mga bagay na ginagawa ng hindi mananampalataya.* Sa ngayon ang mga tinatawag na mga Cristiano ay gumagawa ng masama nang higit pa sa mga hindi mananampalataya. Sila'y nagsasabi ng kasinungalingan, sila'y nandaraya, sila'y nakikipag away, sakim, nagpapakasasa sa negosyo, iniibig nila ang salapi, at hindi nagsasauli, nasasangkot sa pag-iibigan, nasa masamang pamumuhay, atbp. *Kaya't kailangan mong maging maingat at suriin ang bawat Cristiano at subukin mo siya bago mo ituring siya bilang isang alagad.*

Sa Bagong tipan walang tiyak na pamantayan para sa katagang Cristiano, ngunit mayroong kataga para sa alagad. Ang katagang alagad- ito'y sinambit ng 264 na beses. Ayon sa ***Mateo 16:24, 25***, ***"24 Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.25 Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon."***

***A. Itanggi ang iyong sarili:*** Ang mga Cristiano sa ngayon ayaw nilang isuko ang anumang kaginhawaan. Maraming mga Cristiano ngayon sinusukat nila ang pagpapahintulot ng Diyos sa kanilang buhay sa pamamagitan kung gaano ang mga paglalakbay, paglalayag, safari, at ibang mga materyal na mga bagay na

kanilang malalasap at nakapaloob doon. *Maging handa na itanggi ang iyong sarili sa mga kasiyahan ng sanglibutang ito kung saan ito ay kinakailangan.*

***B. Pasanin ang kaniyang krus;*** Ang mga Cristiano sa ngayon hindi nila pinapasan ang kanilang krus, bagkus isinasabit nila ang kanilang krus sa kanilang mga leeg. Ayaw nilang maging responsable at managot. Gustong gusto nilang makakuha ng mga pribiliheyo at hindi handang magbayad kay Cristo at magkaroon ng mga tungkulin patungo sa Kanya. *Maging handa na managot, at may pananagutan sa pagpasan ng iyong krus at gawin ang iyong mga tungkulin ng maayos.*

***C Sumunod kay Cristo:*** Ang mga Cristiano sa ngayon sinusunod nila ang kanilang sariling plano at mga ambisyon at hindi ang plano ng Diyos sa kanilang buhay. Gusto nilang si Cristo ang sumunod sa kanila, at hindi sila ang susunod kay Cristo. *Kakaunti ang sumusunod sa plano ng Diyos sa kanilang buhay; yaon ang mga totoong alagad, kaya maging isa sa kanila.*

***D. Mawala ang kanilang buhay:*** Ang mga Cristiano sa ngayon ayaw nilang kunin ang panganib at ganap na ialay ang kanilang buhay ng ganap sa Diyos. Kahit sa kanilang pananalangin ay kasuklam suklam at uri ng mga guso. pamimili, pagbili, at pagkakaroon ng mga materyal na mga bagay. *Maging handa na mawala ang iyong buhay at ang iyong mga pribiliheyo alang alang kay Cristo sa tuwing kailangan iyon.*

Ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo sa atin na mas tiyak na pamantayan tungkol sa mga alagad ni Cristo:

***1. Ang mg alagad ni Jesus ay tinalikuran ang kanilang nakasanayang pamumuhay ng kanilang kultura at tradisyon, kahit sa ilang sandali: "21 At ang isa naman sa kaniyang mga alagad ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, tulutan mo muna akong makauwi at mailibing ko ang aking ama.22 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Jesus, Sumunod ka sa akin; at pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay." (Mateo 8:21-22) "59 At sinabi niya sa iba, Sumunod ka sa akin. Datapuwa't siya'y nagsabi, Panginoon, tulutan mo muna akong makauwi at mailibing ko ang aking ama. 60 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay; datapuwa't yumaon ka at ibalita mo ang kaharian ng Dios." (Lucas 9:59-60) "26 Kung ang sinomang tao'y pumaparito sa akin, at hindi napopoot sa kaniyang sariling ama, at ina, at asawang babae, at mga anak, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, oo, at pati sa kaniyang sariling buhay man, ay hindi siya maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:26)*** *Kailangan nating ibigin si Jesus at ang Kanyang mga tuntunin ng higit kaysa sa ating mga kultura at higit kaysa sa ating minamahal; ama, ina, kapatid na lalaki, kapatid na babae, atbp.; maaring makulong tayo, ngunit iyon ang nais ni Jesus sa atin ay bilang Kanyang mga alagad.*

***2. Ang alagad ni Cristo ay nakaranas ng panganib sa pagsunod kay Cristo, at hindi nila palaging pinipili ang ligtas at matiwasay na buhay: "25 At nagsilapit sila sa kaniya, at siya'y ginising, na sinasabi, Panginoon, iligtas mo kami; kami'y mangamamatay." (Mateo 8:25)*** *Ang pagsunod kay Cristo ay may kaakibat na panganib, at sa tiyak na pangyayari kahit sa lahat ng ating pinagplanuhan ay ipapahintulot ng Panginoon ang ilang sitwasyon na wala talaga tayong anumang magagawa kundi magtiwala sa Kanya.* ***"22 At sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano ang inyong kakanin; kahit sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin." (Lucas 12:22)*** *Nais ni Jesus sa atin na magpakabuti at kumilos bilang mga alagad; na kailangan nating lubos na magtiwala sa Kanya sa ating pang-araw-araw na buhay at pangangailangan, at maging handa na isuko ang maginhawang buhay kung ito ay kinakailangan.* Ang pagsunod kay Jesus sa tiyak na pagkakataon ay kaakibat ng kawalang-katiyakan at hinihiling mula sa atin na talikuran ang ilang pakinabang at pribilehiyo. ***"57 At paglakad nila sa daan ay may nagsabi sa kaniya, Susunod ako sa iyo saan ka man pumaroon. 58 At sinabi sa kaniya ni Jesus, May mga lungga ang mga sorra, at ang mga ibon sa langit ay may mga pugad; datapuwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo." (Lucas 9:57-58) "33 Kaya nga sinoman sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:33)***

***3. Ang mga alagad ni Jesus ay nakikita ang kanilang mga sarili sa halo-halo at kaduda dudang kompanya bilang tagasunod at kinatawan ni Cisto: "10 At nangyari, na nang nakaupo siya sa pagkain sa bahay, narito, ang maraming maniningil ng buwis at mga makasalanan ay nagsirating at nagsiupong kasalo ni Jesus at ng kaniyang mga alagad. 11 At nang makita ito ng mga Fariseo, ay sinabi nila sa kaniyang mga alagad, Bakit sumasalo ang inyong Guro sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?" (Mateo 9:10-11) "14 At sa kaniyang pagdaraan, ay nakita niya si Levi na anak ni Alfeo na nakaupo sa paningilan ng buwis, at sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka sa akin. At nagtindig siya at sumunod sa kaniya.15 At nangyari, na siya'y nakaupo sa pagkain sa kaniyang bahay, at maraming maniningil ng buwis at mga makasalanang nagsiupong kasalo ni Jesus at ng kaniyang mga alagad: sapagka't sila'y marami, at sila'y nagsisunod sa kaniya." (Marcos 2:14-15)*** *Ang mga Alagad ni Jesus nakikita nila ang kanilang sarili kasama ng mga makasalanan upang mag evangelio sa kanila at dalhin sila kay Cristo, at maari silang punahin dahil doon; kaya kailangan natin abutin ang ganoong uri ng mga tao upang mag evangelio sa kanila kahit na tayo ay punahin.* Ngunit ang nangyayari sa ngayon ang mga Cristiano ay nagiging makamundo at ginagawa nila ang lahat ngmakamundong bagay na ginagawa ng hindi mananampalataya; panonood ng TV, pagsalu-salo sa araw ng kapanganakan, pagdiriwang ng wala sa Bibliya na makamundong kaganapan gaya ng araw ng ama o ina, pakikipagtagpo, kasintahang lalake, kasintahang babae, atbp. Sa halip na sila'y mag evangelio sila ang

nahahawa sa kasamaan ng sanglibutan. *Kaya kailangan nating maging alisto at matatag, na hindi tayo mahikayat ng mga hindi mananampalataya kundi mahikayat natin sila at dalhin sila kay Cristo.*

***4. Ang mga alagad ni Jesus ay may malasakit tungkol sa ani, ang nawawala: "37 ang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Katotohana'y ang aanihin ay marami, datapuwa't kakaunti ang mga manggagawa." (Mateo 9:37)*** Ang Alagad ni Jesus ay masigasig at mayroong malaking habag para sa nawawala at ginagawa ang kanilang pinakamainam upang pumaroon sa kanila at dalhin sa kanila si Cristo. Ang mga Cristiano sa ngayon ay masipag na magdala ng nawawala sa kanilang pagsalu salo sa simbahan, mga pagdiriwang, at gawain ngunit hindi kay Cristo at sa Kanyang Salita at disiplina. *Kaya kailangan nating dalhin ang hindi mananampalataya kay Cristo, sa Kanyang Salita, sa Kanyang disiplina at sa Kanyang kalooban.*

***5. Ang mga alagad ni Jesus ay nakikita ang kanilang mga sarili sa kalagayan ng ministerio na hinihingi ang malahimalang espirituwal na kapangyarihan: "1 At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang labingdalawang alagad, at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu, upang mapalabas nila, at upang kanilang mapagaling ang lahat ng sarisaring sakit at ang lahat ng sarisaring karamdaman." (Mateo 10:1) "1 At tinipon niya ang labingdalawa, at binigyan sila ng kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga demonio, at upang magpagaling ng mga sakit." (Lucas 9:1)*** Ang mga alagad dito ay tinawag upang magpalayas ng mga demonyo. Si Satanas ay laban sa simbahan, at ang mga disipolo na nagpasyang sumunod kay Cristo ay nakikita ang kanilang sarili sa isang digmaan sa kapanyarihan ng kadiliman. Ngunit ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga alagad, at sa atin ngayon, ang katagumpayan, ***"18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." (Mateo 16:18)*** Kaya kailangan nating hikayatin at sumulong na patuloy na maglingkod sa Panginoon at gawin ang Kanyang gawain, upang magpalayas ng mga demonyo at upang pagalingin ang may sakit sa pananalangin at pagpapatong ng kamay sa kanila.

***6. Ang mga alagad ni Jesus ay madaling turuan at lingkod na may mapagkumbabang Espiritu: "24 Hindi mataas ang alagad sa kaniyang guro, ni hindi rin mataas ang alila sa kaniyang panginoon." (Mateo 10:24) "5 Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis." (Juan 13:5)*** *Ang mga alagad ay mapagkumbaba, sila'y walang pagmamalaki, at handang maging alipin, tagapagbigay ng serbisyo at nag-aalok ng serbisyo sa iba.*

***7. Ang mga alagad ni Jesus ay nasa ilalim ng pagdidisiplina- at handang ipadala; "13 At sinugo ang dalawa sa kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo sa bayan, at doo'y masasalubong ninyo ang isang lalake na may dalang isang bangang tubig: sundan ninyo siya;" (Marcos 14:13)*** Ang mga alagad ni Jesus ay handa at nakahandang na isugo at tapusin ang tiyak na partikular na gawain. Sa gayon, kailangan nating maging handa at nakahandang ipadala at tapusin ang tiyak na partikular na gawain.

***8. Ang mga alagad ni Jesus ay may kaugnayan kay Cristo at sa kanyang kapwa-alagad kagaya ng isang pamilya; "At iniunat niya ang kaniyang kamay sa kaniyang mga alagad, at sinabi, Narito, ang aking ina at ang aking mga kapatid!" (Mateo 12:49)*** Narito itinuturo ni Cristo na ang kanyang mga alagad ay ang Kanyang ina at mga kapatid. Ang alagad ni Jesus ang kanilang kaugnayan sa ibang mga alagad ay mas mas matatag kaysa sa kanilang sariling kamag-anakan. Ang simabahan ay isinasaalang alang ang pamilya ng Dios at kailangan nating nasa matatag na kaugnayan sa ating mga kapatid kaysa sa mayroon tayo sa hindi mananampaltayang mga kamag-anak o kasapi ng pamilya.

***9. Ang mga Alagad ni Jesus ay handang mailagay sa pagitan ni Cristo at gutom na nasasaktan ang mga tao na may mapagkukunan na hindi sapat, at tanging pananampalataya kay Cristo, upang tustusan sila: "At ipinagutos niya sa mga karamihan na sila'y magsiupo sa damuhan; at kinuha niya ang limang tinapay at ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, ay kaniyang pinagpala, at pinagputolputol at ibinigay ang mga tinapay sa mga alagad, at ibinigay naman ng mga alagad sa mga karamihan." (Mateo 14:19) "Sapagka't sila'y may limang libong lalake. At sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Paupuin ninyo sila ng pulupulutong, na may tiglilimangpu bawa't isa." (Lucas 9:14)*** Narito nagawa ng mga alagad ni Jesus sa tulong ng Panginoon na pakainin ang karamihan na binubuo ng libong mga tao na may kakaunting pinagkunan ng limang tinapay at kaunting mga isda. Ang pangangasiwa at pagpapaplano lubhang kailangan at ang mga alagad ni Jesus ay tinawag para magplano ng mabuti, ngunit may ilang pangyayari na ipinapahintulot ng Dios na pagdaaanan mo, kung saan pipilitin ka na magtiwala at umasa lamang sa Kanya upang maglaan sa kabila ng lahat ng iyong pinaghahanda.

***10. Ang mga Alagad ni Jesus ay nanalangin kasama si Jesus**: **"33 At kaniyang isinama si Pedro at si Santiago at si Juan, at nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam. 34 At sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang aking kaluluwa, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at mangagpuyat." (Marcus 14:33-34) "45 At nang magtindig siya sa kaniyang pananalangin, ay lumapit siya sa mga alagad, at naratnan silang nangatutulog dahil sa hapis. 46 At sinabi sa kanila, Bakit kayo nangatutulog? mangagbangon kayo at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso."***

***(Lucas 22:45-46)*** Ang mga alagad ni Jesus ay nagtitiwala at itinalaga ang kanilang sarili sa Dios sa buhay ng pananalangin, Samakatuwid kailangan nating italaga ang ating sarili sa buhay ng pananalangin at matiwala sa Kanya na Siya ang magbibigay daan sa atin upang mapagtagumpayan ang lahat ng ating mga paghihirap at pakikibaka sa pamamagitan ng pananalagin.

***11. Ang mga alagad ni Jesus ay hindi tinawag sa gawain ni Cristo, mas malapit na gaya kay Cristo Mismo: "At nang araw na, ay tinawag niya ang kaniyang mga alagad; at siya'y humirang ng labingdalawa sa kanila, na tinawag naman niyang mga apostol:" (Lucas 6:13)*** Marami sila'y umaalis pagkatapos makuha ang ministerio ngunit hindi handang lumapit kay Cristo. Ang mga alagad ni Jesus dito ay lumapit kay Cristo at habang sila'y lumalapit kay Cristo nakikita nila ang kanilang sarili ginagawa ang gawain at ministerio ng Diyos sa pagiging apostol ni Cristo. Sa gayon tayo ay lumapit kay Cristo gaya ng tinawag Niya tayo, at tularan siya upang tayo'y mabago at magawa ang ministerio na tinawag niya sa atin.

***12. Ang mga alagad ni Jesus ay iniibig ang isa't isa "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa." (Juan 13:35)*** Ang mga alagad ni Jesus ay iniibig ang ibang alagad sa pagibig ni Cristo, at hindi sa damdamin at makamundong pagibig. Kailangan nating ibigin at pahalagahan ang ibang totoong dispolo ng Panginoon.

***13. Ang mga alagad ni Jesus ay nasa ilalim ng pagsasanay upang maging higit at mas katulad ni Jesus: "Hindi higit ang alagad sa kaniyang guro: datapuwa't ang bawa't isa, pagka naging sakdal, ay nagiging katulad ng kaniyang guro." (Lucas 6:40)*** Ang pagsasanay ng mga alagad ni Jesus ay hindi lamang sa pag-aaral kundi sa pagsasagawa ng Salita ng Diyos sa buhay. *Sa parehong paraan tayo nasa ilalim ng patuloy na pagsasanay, at ang ating kaganapan bilang mga alagad, na kailangan nating maging kagaya ni Jesus, na ang patunay na tayo ay ganap.*

***14. Ang mga alagad ni Jesus ay namumunga: "Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad." (Juan 15:8)*** Ang mga alagad ni Jesus at tayo ay isa sa kanila ay tagapagdala ng bunga, nakikita sa kanilang buhay, kung saan ang bunga ng pagsisisi, bunga ng Banal na Espiritu, at ang bunga ng bagong mga tao na kanilang inaabot para kay Cristo.

Ang mga alagad ni Jesus ay isinasaalang alang si Crsito bilang kanilang tagapagligtas. Ang katangang *"tagapaglitas"* ay nasambit sa Bagong Tipan ng 27 na beses. Habang si Jesus ay malinaw na ating *"tagapagligtas",* bilang Siya ay namatay para sa atin, isa pang mapagpalagay na kataga na hindi pinapansin ay *"Panginoon"* na nasambit nang higit pa sa 300 na beses. Ang mga Cristiano sa ngayon ay nais si Jesus bilang Tagapagligtas, ngunit hindi gusto maging Siya na Panginoon ng kanilang buhay. Ang mga alagad ni Jesus ay itinuturing ang Panginoon bilang kanilang Tagapagligtas at kanilang Panginoon. Ang ibig sabihin ng Panginoon ay Siya ang Isa Na pumupigil sa kanilang buhay. Sa gayon bilang mga alagad ng Panginoong Jesus, kailangan nating hayaan Siya na maging Panginoon na kokontrol sa ating buhay.

Ang nasa itaas na pag aaral ng Banal na Kasulatan ay makakatulong sa simbahan na maging mas makilala at magawang makilala kung sino sa mga kasapi ang mga alagad at hindi, at kung sino ang may kailangan ng higit na pagtuturo at pagsasanay hanggang ang kanilang buhay ay mabago bilang mga alagad ni Jesus. Marami ang mga tinatawag na Cristiano, kahit na sila'y mga bagong ipinanganak na mga simbahan, at kahit na sila'y bahagi ng mga ministerio, ngunit sila'y hindi mga alagad. Sa malao't madali ang ganyang mga tao kung sila'y hindi matutuklasan at pakitunguhan ng maayos ay magdudulot ng kaguluhan sa loob ng katawan ni Cristo, ang Kanyang simbahan.

Nang ipinadala ni Josue ang mga espiya sa bayan ng Jerico, nakilala nila ang patutot na si Rahab, ***"1 At si Josue na anak ni Nun ay nagsugong lihim mula sa Sittim ng dalawang lalake na pinakatiktik, na sinasabi, Yumaon kayo na inyong kilalanin ang lupain, at ang Jerico. At sila'y yumaon at pumasok sa isang bahay ng isang patutot na ang pangalan ay Rahab, at nakituloy doon. 2At ito'y nasaysay sa hari sa Jerico, na sinasabi, Narito, may mga lalake, sa mga anak ni Israel na pumasok dito ngayong gabi upang kilalanin ang lupain. 3At ang hari sa Jerico ay nagsugo kay Rahab, na sinasabi, Ilabas mo ang mga lalake na naparito sa iyo, na pumasok sa iyong bahay; sapagka't sila'y naparito upang kilalanin ang buong lupain. 4At ipinagsama ng babae ang dalawang lalake at ikinubli, at sinabi niya, Oo, ang mga lalake ay naparito sa akin, nguni't hindi ko talastas kung sila'y taga saan: 5At nangyari, sa may oras ng pagsasara ng pintuang-bayan, nang madilim na, na ang mga lalake ay lumabas; hindi ko talastas kung saan naparoon ang mga lalaking yaon; habulin ninyong madali sila; sapagka't inyo silang aabutan. 6Nguni't kaniyang isinampa sila sa bubungan, at ikinubli sa mga puno ng lino, na kaniyang inilagay na maayos sa bubungan. 7At hinabol ng mga tao sila sa daan na patungo sa Jordan hanggang sa mga tawiran: at pagkalabas ng humabol sa kanila, ay kanilang sinarhan ang pintuang-bayan.8 At bago sila nahiga, ay sinampa niya sila sa bubungan. 9At sinabi niya sa mga lalake, Talastas ko na ibinigay sa inyo ng Panginoon ang lupain, at dinatnan kami ng pangingilabot sa inyo at ang lahat na nananahan sa lupain ay nauupos sa harap ninyo. 10Sapagka't aming nabalitaan kung paanong tinuyo ng Panginoon ang tubig sa Dagat na Mapula sa harap ninyo, nang kayo'y***

***lumabas sa Egipto; at kung ano ang inyong ginawa sa dalawang hari ng mga Amorrheo, na nangasa dako roon ng Jordan, kay Sehon at kay Og, na inyong lubos na pinuksa. 11At pagkabalita namin, ay nanglumo ang aming puso, ni walang diwa na naiwan sa kanino mang tao, dahil sa inyo; sapagka't ang Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba. 12Ngayon nga, isinasamo ko sa inyo, sumumpa kayo sa akin sa pangalan ng Panginoon, na kung paanong ako'y nagmagandang loob sa inyo ay magmamagandang loob naman kayo sa sangbahayan ng aking magulang, at bibigyan ninyo ako ng tunay na tanda; 13At inyong ililigtas na buhay ang aking ama, at ang aking ina, at ang aking mga kapatid na lalake at babae, at ang lahat nilang tinatangkilik, at inyong ililigtas ang aming mga buhay sa kamatayan. 14At sinabi ng mga lalake sa kaniya, Ang aming buhay ay ilalagak namin sa inyo, kung hindi ninyo ihahayag itong aming pakay; at mangyayari, na pagka ibinigay sa amin ng Panginoon ang lupain, kami ay magmamagandang loob at magtatapat sa inyo,15 Nang magkagayo'y kaniyang pinababa sila sa pamamagitan ng isang lubid sa dungawan: sapagka't ang kaniyang bahay ay nasa kuta ng bayan, at siya'y tumatahan sa kuta. 16At sinabi niya sa kanila, Pumaroon kayo sa bundok, baka kayo'y abutan ng manghahabol sa inyo; at kayo'y magkubli roon na tatlong araw, hanggang sa magsibalik ang mga manghahabol: at pagkatapos ay makayayaon kayo ng inyong lakad. 17At sinabi ng mga lalake sa kaniya, Kami ay hindi magpapakasala sa sumpang ito, na iyong ipinasumpa sa amin. 18Narito, pagka kami ay pumasok sa lupain, ay iyong itatali itong panaling pula sa dungawan na iyong pinagpababaan sa amin: at iyong pipisanin sa iyo sa loob ng bahay ang iyong ama, at ang iyong ina, at ang iyong mga kapatid, at ang buong sangbahayan ng iyong ama. 19At mangyayari, na sinomang lalabas sa mga pintuan ng iyong bahay sa lansangan, ay mabububo sa kaniyang ulo ang kaniyang dugo at hindi namin magiging kasalanan: at sinomang kasama mo sa bahay ay mahuhulog sa aming ulo ang dugo niya, kung may magbuhat sa kaniya ng kamay. 20Nguni't kung iyong ihayag itong aming pakay, ay hindi namin ipagkakasala ang pagkapanumpa sa iyo, na iyong ipinapanumpa sa amin. 21At kaniyang sinabi, Ayon sa inyong mga salita, ay siya nawang mangyari. At kaniyang pinapagpaalam sila at sila'y yumaon: at kaniyang itinali ang panaling pula sa dungawan. 22At sila'y yumaon at naparoon sa bundok, at tumahan doon na tatlong araw, hanggang sa nagsibalik ang mga manghahabol; at hinanap sila ng mga manghahabol sa lahat ng daan, nguni't hindi sila nasumpungan." (Joshue 2:1-22)*** Ang patunay ng pagpapaniwala ni Rahab, ang kanyang pagsisi at ang kanyang asal bilang isang alagad ay napakalinaw. Siya ang isa na nagkusa sa kanyang sarili upang itago sila at kinuha ang panganib para protektahan sila at tulungan sila sa kanilang misyon (bersekulo 2-8). Pinatotohanan niya sa kanila na ang kanyang puso ay nadurog, naniniwala sa totoong Dios ng Israel, at nagbagong loob pagkatapos marinig ang balita tungkol sa kanila (bersekulo 9-11). Hiniling niya sa kanila na ipakita ang kagandahang loob sa kanyang ama, ina, mga kapatid na babae at lalake at sa kanilang pamilya. Hindi niya hiniling na ipakita ang kagandahang loob sa kanyang lalaking pinapatutot o sa kanyang kasintahang lalake o sa ibang kasamahan sa kanyang negosyo sapagkat nalalaman niya na hindi papahintulutan ng Dios ng Langit ang kanyang kasalanan ng pangangalunya. (Bersekulo 12-13) kaya'y siya'y tunay na nagsisi at nagkaroon ng pananamplataya sa Panginoon, Siya ay sumang ayon na gawin ang lahat ng iniutos na sinabi sa kanya na gawin (Besekulo 14-21). At ang mga Israelita ay tinupad ang kanilang ipinangako sa kanya gaya na siya ay sumunod sa iniutos na tinaggap niya sa mga maniniktik**: *"22At sila'y yumaon at naparoon sa bundok, at tumahan doon na tatlong araw, hanggang sa nagsibalik ang mga manghahabol; at hinanap sila ng mga manghahabol sa lahat ng daan, nguni't hindi sila nasumpungan. 23Nang magkagayo'y nagsibalik ang dalawang lalake at bumaba sa bundok, at tumawid at naparoon kay Josue na anak ni Nun; at kanilang isinaysay sa kaniya ang lahat na nangyari sa kanila. 24At kanilang sinabi kay Josue, Tunay na ibinigay ng Panginoon sa ating mga kamay ang buong lupain; at bukod dito'y nanglilüit ang lahat na nananahan sa lupain sa harap natin." (Joshue 2:22-24)*** Habang iyong binabasa nang iniligtas nila ang buhay ni Rahab at ang kanyang pamilya, sila pa din ay inilagay sa labas ng kampo ng mga Israelita para sa higit na pagsusuri at pagtuturo bago isama sila sa mga Isarelita. Ang simbahan ay dapat makilala ang tungkol sa totoong pagbabagong-loob at tunay na pagbabagong buhay sa buhay ng mga alagad ni Cristo.

May parang katulad sa salaysay sa salaysay ni Rahab sa aklat ng mga Hukom, ***"23 At ang sangbahayan ni Jose, ay nagsugo upang tiktikan ang Beth-el. (Ang pangalan nga ng bayan nang una ay Luz.) 24At nakita ng mga bakay ang isang lalake na lumalabas sa bayan at kanilang sinabi sa kaniya, Ituro mo sa amin, isinasamo namin sa iyo ang pasukan sa bayan at kahahabagan ka namin. 25At itinuro niya sa kanila ang pasukan sa bayan, at kanilang sinugatan ng talim ng tabak ang bayan nguni't pinayaon ang lalake at ang madlang sangbahayan niya. 26At ang lalake ay pumasok sa lupain ng mga Hetheo, at nagtayo ng isang bayan, at tinawag ang pangalan niyaon na Luz: na siyang pangalan niyaon hanggang sa araw na ito." (Mga Hukom 1:23-26)*** Ang simbahan dito ay sinubukang isagawa ang Kasulatan ngunit sa maling paraan sa pamamagitan ng pagsisikap na lumikha ng isang larawan kagaya ni Rahab ng Jerico. Dito kinahahabagan nila ang isang lalaki kung ibibigay niya ang paglilingkod sa kanila (Bersekulo 24). Sa ngayon maraming mga simbahan hinihiling nila sa mga tao na gawin ang isang ministerio upang sila'y maging bahagi ng simbahan, upang itali sila sa simbahan, nang walang anumang patunay ng pagbabagong-loob o pagbabago sa buhay. Ang lalaki at ang kanyang pamilya ay nakakuha ng mga pribilehiyo mula sa mga Israelita ngunit hindi siya naligtas at ang patunay niyaon ay nasa bersekulo 26. Ang lalaki ay bumalik sa kanyang dating buhay at karanasan at nagtayo ng bagong bayan at tinawag na Luz gaya ng naunang bayan na ibinigay niya sa mga Israelita. Maraming mga tao na tinatawag na mga Cristiano nang sila'y dumalo sa simbahan ang kanilang buhay ay hindi nabago at

hinahawakan pa rin nila ang parehong mga plano at ambisyon ng nakaraang buhay at pinanghahawakan pa rin ng mahigpit ang makasalanang tradisyon at gawain ng kanilang nakaraan.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Pagnilayan ang mensahe at isaalang alang ang bawat isang punto at makita kung ikaw ay tunay na alagad ni Jesus. Kung hindi kailangan mong magsisi at isagawa ang Kasulatan sa iyong buhay gaya na ikaw ay sumasang ayon na manalangain:

***Ang aking Panalangin:*** Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan,

Ating ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalnan. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan ______________________________.

Panginoon salamat para sa iyong malinaw na salita sa akin. Itinatalaga ko ang aking sarili upang isagawa ang mga tuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito sa aking buhay at ministerio habang aking ipinangako ang aking sarili na maging iyong alagad at patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong buong kalooban. Panginoon alalayan mo ako, hubugin mo ako, at ibigay ang para sa akin upang makamit ang lahat ng iyon. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magparami ng bunga ng Banal an Espiritu na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.

Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na itinalaga ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon tulungan mo sila sa kanilang buhay at ministerio at ibigay ang kanilang mga kailangan na pumaroon at maglingkod sa iyo.

Panginoon, ako'y nanalangin sa amin bilang simbahan; ipinangako namin ang aming sarili upang lumakad sa iyong Salita at pumaroon at maglingkod sa iyo at maging handa na magpakasakit para sa iyo upang tapusin ang gawain at ipatupad ang iyong kalooban sa aming buhay at sa buhay ng simbahan at ministerio na iyong ipinagkatiwala sa amin. Panginoon puspusin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at paging dapatin kaming magevangelio at abutin ang bagong bayan ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos.

Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kami na magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at abutin ang bagong bayan at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com